

1

“Tim?” tawag ulit ni Jess.

“Ha?” gulat na tanong ni Tim. “Ano ’yun?” tanong niya uli na parang nawala talaga sa sarili.

“Tinatanong ko kung napirmahan mo na ’yung quotations na ipapadala sa mga kliyente. At saka ’yung layout n’ung five hectares na property sa Amadeo, Cavite. Nand’yan na sa mga files na ipinatong ko kahapon pa sa table mo. Ano’ng feedback mo?” Parang nagpapaliwanag sa isang limang taong gulang na bata si Jess, pero sa tonong iritang-irita lang.

“Ah, ano, ’eto pipirmahan ko na at ia-approve ko na rin ’yung layout,” sagot ni Tim sabay hanap sa mga files.

“Hindi mo man lang ba babasahin? Basta ka na lang pipirma? Pirma ka nang pirma, hindi mo alam baka naipangalan ko na lahat ng mga properties mo sa akin, bahala ka,” sabi ni Jess.

“Una, alam ko naman na dumaan na lahat sa masusi mong mga mata ito. Pangalawa, may tiwala ako sa iyo na hindi mo ako lalamangan at pangatlo, okay lang kahit angkinin mo na lahat,” sagot niya,

at pabulong na idinugtong, “*pati puso ko.*”

“Ano binubulong-bulong mo? Hay naku, di bale na! Hopeless ka talaga! Let me guess, babae na naman ang sumisira ng concentration mo, ’no? Hay, nagtanong pa ako, what else is new!” At tuluyan nang lumabas si Jess mula sa opisina ni Tim dala ang mga papeles, direktso sa sarili nitong opisina, mukhang pikon na pikon.

Hindi agad nakakibo si Tim, kasi totoo na babae ang sumisira ng concentration niya, pero hindi basta babae. Ang sumisira ng concentration niya ay walang iba kundi si Jess. Si Jesse McKenzie Arevalo Rivera, ang best friend niya for as long as he could remember.

Weird nga, eh. Usually ang lalaki, lalaki din ang best friend. Kay Tim, babae na may nickname na panlalaki, profession na halos lalaki ang naghahari at kung kumilos may pagka-lalaki rin.

Classmates sina Tim at Jess mula fourth year high school, pero hindi sila close noon. Noong nag-e-enroll na siya ng Engineering sa isang pamantasan sa Taft Avenue, Manila ay doon nagsimula ang malalim na pagkakaibigan nila. Civil Engineering din ang course na kukunin ni Jess. Dahil pareho silang walang kakilala, sila ang naging enrollment buddies. Pero iyong akala nilang short-lived companionship with

Jess sa first day of school ay nauwi sa mahigit isang dekadang pagkakaibigan.

Matalino si Tim, pero sadyang madaling mawala sa sarili kapag nakakakita na ng babae. Naglalaho na ang mga priorities at focus. Hindi siya lagi ang lumalapit, sadyang lapitin siya ng mga babae.

Si Jess naman ay *cum laude* at kasama sa upper twenty percent ng board passers. May degree na rin ito sa Architecture. Napakadisciplinado kasi at napakapraktikal mag-isip. Si Tim, walang pakialam kung nasa lowest twenty percent ng board passers.

Come to think of it, hindi siya nag-review para sa board exam. Kaya ayos na ayos na sa kanya iyon.

Hiwalay ang parents ni Jess, ang kasama lang nito sa bahay ay ang lola nito. Lahat ng relatives ng dalaga ay nasa Canada. Ang ama nito ay may iba nang pamilya roon. Ang mother naman ni Jess ay hindi na nito nakita pa. One year old pa lang ito nang iniwan ng ina ang mag-ama para sumama sa ibang lalaki.

Noong nasa college sila ay namatay ang lola ni Jess at simula noon ay ito na lang ang mag-isang nakatira sa bahay. Naging working student ito, pero pinadadalhan naman ng ama ng kaunting pera para sa tuition fee at pamalengke. Mahal daw kasi ang

buhay sa Canada bukod pa sa may apat pa itong kapatid doon.

Mas financially able si Jess dati kasi noong buhay pa ang lola nito, lahat ng uncles ng dalaga ay nagpapadala ng pera sa matanda. Pero dahil si Jess na lang ngayon, responsibilidad na daw ito ng sariling ama. Kaya kinailangan nitong dumiskarte.

Naging kadamay ni Jess si Tim sa kagipitan. Noong college, kapag inaabutan siya ni Tim ng pera bilang tulong, binabayaran niya kapag suweldo. Mataas ang pride, eh. Hinahayaan na lang siya ni Tim. Sabi niya rito, sapat nang may nauutangan siya kapag nagigipit. Madalas dinadalhan siya ng lalaki ng pagkain. Noong una ay okay lang, pero nang tumatagal ay nagagalit na siya.

“Ano ba ang akala mo sa akin, charity case? Hindi pa ako umaabot sa panlilimos! Tantanan mo ako, Timoteo, puwede?”

“Ang OA mo. Dinadalhan ka lang ng pagkain, iniisip mo nang pulubi tingin ko sa iyo. Bakit hindi ba puwede na ayokong kumain mag-isa o kaya nagda-diet ako? Masungit na ’to,” ani Tim na medyo naiinis na natatawa.

Hindi na kumibo si Jess.

“Hindi pulubi tingin ko sa iyo, huwag kang OA. Ibinalot ni Mommy ’yan dahil si Joshua ay nag-umpisa nang magbaon. Alam mo namang praning ’yun. Kaya dinadagdagan na lang ni Mommy, para sa akin. Dinala ko na lang para hindi sumama loob niya. Pero huwag mong sasabihin sa iba na ibinibigay ko sa ’yo, baka isipin pa nilang girlfriend kita. Alam mo na, ang mga potential girlfriends baka maglayuan. At saka ayoko ring may dalang ganyan, dyahe sa porma,” paliwanag ni Tim.

“Sigurado ka sa sinasabi mong ’yan, ha!” inis pa rin na sagot ni Jess, habang binubuksan ang baunan, para umpisahan nang kainin ang dala ni Tim.

“Oo! Kailan ba ako nagsinungaling sa iyo? Nakakainis itong babaeng ’to. Oops, oops, sino ’yun?” Itinuro ni Tim ang babae sa kabilang table.

“Hindi ko alam. Freshman siguro, ngayon ko lang nakita, eh,” sagot ni Jess habang kinakain ang sandwich na dala ni Tim. Bilib daw ang binata sa metabolismo niya, na kahit malakas siyang kumain ay hindi man lang siya tumataba.

“Mukha ngang Freshman, fresh na fresh, eh. Sandali lang, d’yan ka lang. Kain ka lang diyan, ha,”

sabi ni Tim at tuluyan nang pumunta sa kabilang table.

Malaki ang pagkakaiba nina Tim at Jess. Happy-go-lucky si Tim, hindi marunong ma-tense, laging relaxed at laging tinatawanan lang ang mga problema, walang siniseryoso. Although ginagawa naman niya ang share ng workload, madalas ay ipinapaubaya na niya kay Jess lahat. Kaya nga kapag school projects noon, laging ang babae ang partner niya.

Si Jess, praktikal, seryoso. Tumatawa rin naman minsan, pero most of the time, seryoso talaga. Dagdag pa diyan, daig pa ng dalaga ang Mommy Leila niya, mas madalas pa itong manermon kaysa sa kanyang ina.

Boyish manamit si Jess, siguro dahil licensed Engineer at licensed Architect, at higit sa lahat, parang manhid. Pupusta si Tim, lesbiana si Jess McKenzie.

Si Jess ang madalas na panakip-butas ni Tim kapag medyo nagugulo na ang sitwasyon ng mga babae sa buhay niya. Si Jess ang nagpapanggap na girlfriend niya. Kaya alagang-alaga niya, eh. Si Jess ang sinasabihan niya ng lahat ng problema niya. Pamilya man o kumplikadong relasyon sa mga babae.

Alam din ni Jess ang PIN ng mga ATM accounts niya. May susi rin si Jess sa condominium unit niya. Si Jess ang bumibili ng mga gamit niya, perfume, soap and shampoo, deodorant, pati damit at briefs niya. Sapatos lang ang hindi binibili ni Jess para kay Tim. May kakaibang relationship kasi ang mga lalaki sa sapatos nila, lalo na kapag rubber shoes.

Si Jess din ang naggo-grocery para sa kanya. Noong una, nagpapabili lang siya, pero napadalas na, kaya ang ginagawa ni Jess ay pumupunta muna sa condo niya at gagawa ng listahan. Kukuha ng pera at kung wala ay ang ATM card niya at magwi-withdraw na lang. Noong una, ibinabalik pa ni Jess ang ATM card, pero nagsawa si Tim sa kapapaalam nito tuwing kailangan ng perang pambili, kaya ipinahawak na niya rito ang isang ATM card niya.

Itine-text na lang niya si Jess kung ano ang ipapabili niya. Noong nagkasakit si Tim ay si Jess ang nagbantay sa kanya, ayaw niya kasing pumupunta sa ospital. Willing din naman si Tim magbantay kay Jess sakaling magkasakit ito, pero parang may universal vaccine ang best friend, hindi nagkakasakit. Alam na ni Jess lahat sa kanya, pati yata amoy ng utot niya alam na nito.

Si Tim ay ulila sa biological mother, dalawa

silang ni Joshua. Sila ang mga unang anak ni Roberto Samaniego, Jr. kay Grace Montemayor. When he was five years old and Joshua was three, their mother died of cancer. After two years, nag-asawa uli ang kanilang ama at pinakasalan si Leila Valdez na nakasanayan na nilang tawaging Mommy.

Walang naging masyadong problema sa kanila. Naging mabuting mother figure si Leila, but after two more years of being married to their dad, sunud-sunod na panganganak ang naganap. Dumating sina Matthew, Paulo at Luigi, kaya hindi na rin sila masyadong napagtutuunan ng pansin. Kahit hindi naman nag-play favorite si Mommy Leila, iba pa rin yata talaga ang sariling ina.

Hindi talaga maalis ni Tim sa isip si Jess. Ilang linggo na rin niyang binabalikan ang mga taon na magkasama sila nito. Kung paano sila naging magkaibigan at ang kanilang mga pinagdaanan. Medyo nababadtrip na nga siya.

Nag-umpisang maging melancholic si Tim noong may dumating na bouquet of very red roses sa office para kay Jess. Inasar pa nga niya ang babae, eh. Pero siya lang ang napikon.

“So nagdadalaga na pala ang best friend ko, may manliligaw na,” umpisa niya.

“For your information, matagal na akong nagdalaga. Kaya naman bago ako tumandang dalaga ay ginagawan ko na ng paraan,” sagot nito sabay kuha sa card ng bouquet na binabasa ni Tim.

“S’an mo naman nakilala ang lalaking ’to, aber?” nakangising tanong ni Tim.

“Sa isang speed dating,” sagot ni Jess.

“Speed dating? Ganyan ka na ba talaga kadesperada, best friend?” pang-aasar pa ni Tim lalo.

“Medyo, pero no regrets naman. Isang publisher si Andrew, financially independent, at napakadisente. No regrets!” Nakangiti si Jess na parang kinikilig pa.

Nakaramdam si Tim ng pagkaasar na hindi niya mawari, kaya hindi na lang siya kumibo.

“Oo nga pala, ito na ’yung ATM card mo, kunin mo na kasi hindi ko na rin maaasikaso ang pagiging aliping sagigilid mo, medyo magiging busy na ako. Alam mo na, nagdadalaga na ako,” tuwang-tuwang dagdag nito.

Hindi makapag-react si Tim. Natuod siya kaya ang nasabi na lang niya ay, “Fine, I wish you luck.” Kinuha niya ang ATM card kay Jess at lumabas na.

Badtrip siya bigla. Karapatan ni Jess na magkaroon

Blueprint ng Pag-ibig - Maya Ramos

ng sariling lovelife, pero... paano siya? Sabagay, hindi obligasyon ni Jess na asikasuhin siya.

Masyado kasi siyang naging dependent kay Jess for everything, kaya nababadtrip siya ngayon. Sino kaya iyong ungas na lalaking iyon?

Hay! Badtrip!

Sinuntok niya ang upuan. Nasaktan tuloy ang kamay niya.

Shit! Ang sakit! Tangina! Badtrippppppp!

2

Mula nang araw na iyon ay umusad ang mga araw na lalo lang nababadtrip si Tim. Napapadalas na maagang umaalis si Jess, may lakad daw. Siya naman ay masipag pumasok, laging inaantabayanan kung darating iyong ungas na si Andrew para makilatis niya. Hindi niya hahayaan na mapunta lang sa isang walang kuwentang lalaki ang best friend niya. Medyo protective lang siya, nag-iisa na lang kasi si Jess dito sa Pinas, walang kamag-anak.

Medyo nagiging mainitin na talaga ang ulo niya.

“Kumpleto na ito lahat o, ’eto na ’yung feedback ko sa layout ng Amadeo project. ’Yung revisions nasa USB na. Pati blueprints n’ung mall sa Sarangani, nand’yan na. Kailangang maayos agad ’yun, para pulido ang final blueprint,” tuluy-tuloy na sabi ni Tim.

“Wow, ikaw ba ’yan, Timothy Samaniego? Natapos mo on time lahat ng nasa checklist na ibinigay ko sa ’yo? Huh, may sakit ka ba? Baka nilalagnat ka, dalhin kita sa doctor, gusto mo?” pang-aasar ni Jess, hinawakan ang mukha niya para tingnan kung nilalagnat nga siya.

“Okay lang ako, nahihiya naman kasi ako sa iyo, baka hindi ka makatapos sa mga gawain dito at maudlot pa ang lovelife mo, ako pa sisihin mo,” sagot niya sabay kuha ng soda sa personal ref ni Jess.

“Oww, ang sweet-sweet naman ni Best friend. Thank you,” sabi ni Jess, sabay yakap sa kanya.

Ang yakap na dati ay hindi masyadong pansin ni Tim ay biglang nagpatibok nang mabilis sa puso niya. Para siyang naiiyak na hindi mawari, pero biglang bumitaw si Jess at naantala ang kakaibang damdaming iyon.

“Uy, tulog ka ba? Bakit nakapikit ka?”

“Wala, wala,” sagot ni Tim na may kasunod na isang buntong-hininga.

“Lalim n’un, ha. May problema?” may pag-aalalang tanong ni Jess.

“Wala, okay lang ako. Don’t worry about me, I’ll be fine. Ikaw, kumusta ka?” Hindi maitago ni Tim ang lungkot.

“Kumusta ako? Okay lang, sigurado ka ba na ayaw mong sabihin sa akin ang problema mo? Sige na. Tagal na nating magkaibigan, ngayon ka pa ba maglilihim sa akin? Come on, out with it.”

“Wala nga akong problema, ano ka ba?” Tigas ng tanggi ni Tim.

“Uuyyy, sasabihin na niya sa akin ’yan,” pangungulit pa rin ni Jess.

Ito ang Jess na natatandaan niya, makulit at touchy. Laging nakahawak sa kamay niya, yumayakap, at lagi siyang kinikiliti para lang umamin siya.

“Wala nga, wala talaga, okay lang talaga ako. Ang intindihin mo na lang ay si Andrew mo,” sagot ni Tim, na natatawa at naiirita nang sabay. At dahil hindi niya naiintindihan ang nararamdaman, lumabas na lang siya at bumalik sa office niya.

Hindi maintindihan ni Tim, siguro medyo nagseselos siya bilang kaibigan. Kapag nagka-boyfriend na si Jess, siguradong hindi na niya ito makakasama sa inuman. Kapag nag-ocular, baka madalas siya na lang mag-isa. Ito nga lang, hindi na siya ipinaggo-grocery, eh. Sino na ang bibili ng damit niya? Eh, si Jess lang ang gumagawa n’un. Kahit anong bilhin ni Jess, ayos lang hitsura niya. Hindi na niya kailangang mag-alala kung ano ang design.

Sino na ang sasabihan niya ng mga problema? Baka pagbawalan na siya ng magiging boyfriend ni Jess. Iyong mga bills niya, sino na ang mag-aasikaso?

At sino na kasama niyang magma-marathon ng mga *X-Men* movies at Japanese anime? Wala na siyang makakasamang mag-go-kart racing at marami pang iba.

Hay naku, badtrip talaga. Nakakainis!

Kasama pa sa sentimyento niya na kahit minsan ay walang nabanggit si Jess na crush, first love or kahit sinong nagugustuhang lalaki. Akala ni Tim, sinasabi ni Jess lahat sa kanya, pero wala itong nauulit na kahit na sinong lalaki. Pagkatapos out of the blue, may Andrew. Badtrip!

Sabi panga ni Jess dati, hindi ito makikipagrelasyon, ayaw nito ng drama sa buhay. Kesyo sanay itong mag-isa at mamamatay itong mag-isa.

Ngayon, biglang concerned ito sa civil status at ayaw tumandang dalaga. Paano iyong kasunduan nila last year na kapag tumanda sila at single pa rin ay sa isang home for the aged lang sila titira para magkasama pa rin sila?

Hmp! Badtrip talaga!

Kaya nagpatuloy ang ganitong mood ni Tim. At heto siya ngayon, nawawala sa sarili. Hindi makapag-concentrate sa kakaisip kay Jess. Iyong mga good times and bad times nila. Iyong mga sleepover,

masarap na pagkain, at iyong pandesal na may palamang bacon or ham and cheese. Si Jess lang gumagawa niyon. Paano ang mga dinner together? Kaya nga si Jess ang naggo-grocery kasi ito rin ang nagluluto. Doon sila sa condo o kaya sa bahay ni to. Iinom ng one or two bottles of light beer bago umuwi sa kani-kanyang bahay.

Kung noon lahat nasasabi niya kay Jess, ngayon meron na siyang inililihim. Mahigit na ring isang linggo noong una niyang narinig ang pangalan ni Andrew, at ngayon may na-realize si Tim. Hindi niya masabi na kaya hindi siya nagseseryoso sa ibang babae, kasi ito ang gusto niya, kahit noon pa.

At kung tomboy man si Jess, payag si Tim na maging bakla. Hay! Buntong-hininga na naman! Badtrip talaga!

“Good morning,” bati ni Tim sa lahat.

Sunday is a Samaniego tradition. Lahat yata ng mga magkakapatid sinusunod ang Sunday lunch tradition for the family. Kaya siyempre, importante ang attendance. Lalo na at very strict si Sir.

“You just woke up? Hindi mo na ba titigilan ang pagpupuyat dahil sa walang-humpay na pambababae

mo? Kailan ka magseseryoso? Ikaw ang panganay na apo, you're the eldest Samaniego grandchild, ikaw ang napag-iiwanan," ang agang sermon ng ama niya.

"My God, Robert, not while eating. Keep on eating, mga anak," sabi ni Mommy Leila.

"Thank you, Mom, but I'll answer it anyway. Sir, the reason I was late going home is because Jess has been very busy with other things lately. At ayoko naman na halos lahat ng workload ko ay siya lagi ang gumagawa," paliwanag ni Tim habang kumakain. "At huwag po kayong mag-alala. Kung pagbibigyan ni Lord ang aking mga dasal, a year from now, I will be a married man. But still I am not the eldest apo, I'm just the second," nakangiting deklara ni Tim, puno ng yabang habang nakatitig sa mga mata ng ama, di pansin na lahat ay nakatingin sa kanya, nakanganga.

"Whoa, did I hear you right? Seriously, natagpuan mo na, Kuya?" sabat ni Matthew, unang naka-recover sa shock.

"Maniwala ka d'yan. Joke 'yun, di ba?" Si Joshua, at tumingin sa kanya.

Hindi kumibo si Tim at patuloy lang na nakipagtitigan kay Joshua. Hanggang sa sumigaw si Josh na natatawa.

“Oh my God, wow, I can’t believe this, hoooo, finally! Wow, wala na akong masasabi pa. I bow to you, big brother, I do. As in, congratulations!” dagdag pa ni Josh.

“So ang mailap na si Timothy Samaniego ay nahuli na rin sa wakas. I can’t believe this, kailangan kong magpamisa next week, for the next coming weeks, until maikasal siya. Roberto, kailangan mo akong samahan sa simbahan bukas. I’ll commission masses for the next coming months, I’m serious,” anunsyo ni Mommy Leila.

“Lahat sila shocked. Seriously, shocked sila,” sabi ni Paulo, umiiling.

“Grabe, parang ang laking kalokohan,” ani Luigi na tawa nang tawa.

“Tawa kayo nang tawa. Akala n’yo ba nagbibiro ako? Seryoso ako, ’no. Ikakasal ako a year from today. So today is October what? Fifteen? October 15 next year I’ll be a married man. Mark my words,” pagyayabang pa niya.

“Timothy, marriage is a very serious matter. Hindi ito isang bagay or joke na puwede mong bawiin at sabihing, ‘Sorry, I was just kidding.’ Kaya please kung magpapakasal ka, make sure it is for life. Sawa na

ako sa mga kalokohan mo.” Seryoso na naman si Sir.

“Sir, I am not joking, I am very serious. I will get married next year, and you will all love her. Kaya just cut me some slack here, okay?”

“If you say so. But tell me, how did this come about?” tanong ng kanyang ama.

“Well, let’s just say, ‘Love moves in mysterious ways.’ ” Nakangiti si Tim at kumikinang ang mga mata.

Nagdadalawang-isip si Mr. Samaniego kung paniniwalaan ang anak. Bumuntong-hininga na lamang ito.

3

Natapos ang Sunday Lunch tradition at heto ngayon si Tim, nag-iisip kung sino ang babaeng pakakasalan niya a year from now. Naiinis tuloy siya kay Jess nakikipag-boyfriend na.

Ayos naman noong silang dalawa lang. Magkasama sa trabaho, pagkatapos ng trabaho ay kakain ng dinner sa labas, like thrice a week. Kapag Saturday night, either nasa condo sila o sa bahay ni Jess, for a movie marathon. Kung minsan, manonood ng sine kapag may bagong movie na trip nila o maggo-go-kart racing.

Halos beinte-cuatro oras silang magkasama. Kahit may mga babae siya noon, ganoon ang routine nila ni Jess. At nitong huling taon, halos hindi na rin siya nagdi-date ng ibang babae. Si Jess ang lagi niyang ka-date. Pagkatapos ngayon, ano? May Andrew. Badtrip talaga!

Hindi man lang ba siya naiisip ni Jess?

Nasaan kaya ang babaeng 'yun?

Kinuha ni Tim ang cellphone at idinial ang number ni Jess. "Hello."

“Hello?”

Putsa, lalaki sumagot.

Tiningnan niya ang phone at baka ibang number ang na-dial niya. Pero kay Jess talaga. Baka nanakaw ang phone nito?

“Sino ka?” ang matapang niyang tanong.

“Hello, Tim, si Jess na ’to. Bakit ka napatawag?”
At si Jess na nga ang kausap niya.

“Sino ’yung sumagot na lalaki?” tanong ni Tim na na-badtrip na lalo.

“Si Andrew, nasa bedroom kasi ako, sabi ko sagutin na niya ang phone. Bakit ka ba napatawag?”

“Wala naman, yayayain sana kitang mag-dinner sa labas, eh, pero mukhang busy ka,” sagot ni Tim na hindi maintindihan kung bakit biglang bumaba ang morale niya.

“Actually, paalis na kami ni Andrew, kakain nga din kami sa labas. Next time na lang. Sige na, baka ma-late kami sa reservation namin. See you sa office tomorrow. Bye.” At tuluyan nang nawala si Jess sa kabilang linya.

Hay! Ano ba, bakit ang bilis naman ng Andrew na

'yan? Last week lang sila nagkakilala, ah! 'Tapos araw-araw na flowers, ngayon naman, dinner. Leche talaga! Badtrip 'yun, ha. At nagpupunta na 'yung Andrew na 'yun sa bahay ni Jess. Mahigit two weeks pa lang!

Sa sobrang inis ay bumili siya ng isang pack ng beer in can, umuwi sa condo unit at naglasing. Nalate siya kinabukasan, at alas onse na nang dumating sa office. Pagpasok niya ay palabas si Jess mula sa office nito. Nag-iwan na naman siguro ito ng files sa table niya.

“Sabi na nga ba, last week was just too good to be true. Hindi mo kayang maging consistent sa pagiging professional. Monday, first day of the week ay late ka ng three hours. Ang files sa table mo nakatambak at kung akala mo ay gagawin ko ang workload mo para sa iyo, sorry, busy ako,” nakatalikod na sabi ni Jess.

Kung iyong dating Tim ang kausap nito, lalambingin lang niya ang dalaga at kikilitiin, pero ibang Tim na siya ngayon. At kahit siya, hindi na rin kilala ang sarili.

Dumiretso lang ang binata sa office niya at hindi man lang pinagtuunan si Jess ng pansin. Inilagay niya ang gamit sa desk, kumuha ng kape sa coffee maker sa labas, at nagpa-order ng breakfast sa secretary nila, hindi ngumingiti o nagbibigay ng pansin sa paligid.

Nagkatinginan lang si Jess at si Luisa na sekretarya nila, nagtataka pareho kung ano ang nangyayari kay Tim.

Sinubukan uli ni Jess na kulitin si Tim. “Anyare? Okay ka lang ba?”

“Okay lang. May kailangan ka ba?” balik niya.

“Wala naman, medyo naninibago lang,” sagot ni Jess na medyo naiilang na sa biglang katahimikan ng lalaki.

“Okay, sige iwanan mo na’ng mga files at tatapusin ko.” At binuklat na ni Tim ang dyaryo at hindi na pinansin ang kaibigan.

Lumabas si Jess at nang magsara na ang pinto ay siya namang silip ni Tim sa dalaga.

Hay! Bakit ba ganito? Nakakainis talaga.

Makaraan ang kalahating oras ay kumatok si Jess para yayain siyang kumain ng lunch. Hindi niya pinagbigyan.

“Okay, sige, kakain na kami. Babalik kami after lunch,” paalam ni Jess na mukhang nagugulat pa rin sa kinikilos niya. “Topak!” comment pa ng dalaga.

Hindi rin iyon pinatulan ni Tim.

Pagbalik ng dalawa ay palabas na si Tim ng opisina.

“O, saan ka pupunta? Akala ko tatapusin mo ’yung mga iniwan kong files sa iyo? At saka, ’eto dinalhan kita ng favorite mong pizza burger,” sabi ni Jess.

“Pupunta akong Amadeo, mag-o-ocular. Tapos na ang mga files, kunin n’yo na lang sa table ko pati feedback nand’un na rin. Salamat, ’etong bayad,” sagot ni Tim na hindi man lang nag-smile. Kinuha niya ang burger at nag-iwan ng two hundred pesos sa mesa ni Luisa at tuluyan nang tumalikod.

“Sandali lang. Di ba usapan natin bukas tayo pupunta sa Amadeo?” nagtatakang tanong ni Jess.

“Ngayon na lang at ako na lang, alam ko namang busy ka, eh. Bukas na ako babalik dito sa office.” At nawala na nga si Tim.

“Napap’ano ’yun? Weird, ha,” ani Luisa.

Si Jess ay naiiyak na pumasok na lang sa sariling opisina.

Hindi madaling maging best friend ni Timothy Montemayor Samaniego. Tuwing naiisip nga ni Jess

ang friendship nila, halong tuwa at kalungkutan ang nadarama niya.

Fourth year high school pa lang ay may crush na siya kay Tim, hanggang maka-graduate sila. Magkakilala sila pero hindi sila close, halos hindi nga sila nag-uusap. Transferee si Jess from another school, kaya wala siyang mga kaibigan. Si Tim naman ay isang infamous school criminal. Cutting classes, walang assignment, sugal na six digits, at nahulihan ng porn magazine. Kilala rin itong yosi boy at chickboy. Lahat yata ng majorette sa school naging girlfriend ng binata.

Opposites attract, 'ika nga. Kung gaano katino si Jess bilang estudyante, ganoon ka-wala si Tim sa katinuan, pero hindi iyon naging hadlang para lalo niya itong magustuhan. For some mysterious reason, si Tim ang first and only love ni Jess.

Akala niya makaka-move on na siya pag-graduate nila ng high school, but that was not meant to be. Nakita niya si Tim habang nakatambay sa registration office ng university na papasukan.

Inisip ni Jess noong unang baka may sinasamahan lang si Tim. Alam niyang well-off ang pamilya nito kaya bakit sa isang state university ito mag-aaral? At magka-college ito!

Biruin mo iyon? Akala ng lahat, walang direksyon ang buhay ni Tim. At dahil gusto ni Jess na makamove on ay iniwasan niya ang lalaki at tumalikod, hoping makakahanap siya ng ibang enrollment buddy.

Pero isa pang shock ang nangyari nang mahanap niya ang pangalan sa listahan ng mga students, Rivera siya at sumunod sa pangalan niya ay si Timothy Samaniego, blockmates sila. At lalong nakakagulat nang bigla siyang kinalabit ni Tim mula sa likuran.

“Ay, ikaw pala,” bati ni Jess na hindi nagpapahalata kung gaano kabilis ang tibok ng puso niya.

“Classmate, nakapag-enroll ka na ba? Sabay na tayo,” ang pagyayaya ni Tim sa kanya.

“Hindi pa nga, eh. Sure, sige, halika d’un daw ang first step, sa submission ng documents,” sagot niya, nininerbyos.

Kaya hayun, sabay sila nag-enroll, sabay silang kumain ng lunch, at in fairness to Tim, maasikaso ito at gentleman. Kaya siguro ang daming nahuhulog dito. Kaya nga heto si Jess, humahawak nang ubod-tatag, baka kasi tuluyan na rin siyang mahulog. Ayaw niyang maging casualty sa *Tsunami Tim*.

Pinagbigyan ni Jess ang first day of enrollment na iyon na magkasama sila. Sa isip niya, isang araw

lang naman. Kapag nakahanap na si Tim ng bagong mga kakilala, iiwan na siya nito sa ere.

Pero nagkamali si Jess. Pagdating ng mismong araw ng pasukan ay na-late siya sa first subject. Pagpasok niya sa room ay wala nang upuan at tumayo na lang siya sa likod.

Si Tim? Tumayo at pinaupo siya sa chair nito, pero iniwan ang gamit nito at ipinahawak kay Jess. Lahat ng babae noon, inggit na inggit sa kanya. Si Jess? Hayun, tuluyan nang naging biktima ng isang tsunami.

Although in love si Jess kay Tim ay hindi niya ipinahalata iyon. Iniisip niya kasi na may isang common na bagay ang lahat ng naging girlfriends ni Tim. Iyon ay naging *girlfriend* sila. Kaya kung gusto niya na matagal pang makasama ang binata, kailangan hindi siya maging girlfriend nito. Kailangan, maging best friend siya.

Kaya natutunan ni Jess makipagtalo kay Tim, makipag-asaran, makinig sa mga problema nito without being too pushy. Huwag maging emotional sa harapan nito at higit sa lahat, huwag ipahalata kay Tim ang tunay na nadarama. Isang bagay lang

din naman ang ipinagpapasalamat ni Jess, iyon ay pareho sila ng hilig: mga action movies, *Marvel* comics, go-kart racing, *PBA/NBA* at Japanese manga. At dahil kasama niya si Tim, natutunan din niyang uminom ng light beer at maging appreciative sa mga magagandang babae na nakikita nila.

Siguro sasabihin ng iba na martir siya, sobrang martir. Biruin mo naman, siya ang naggo-grocery para kay Tim, bumibili ng damit, pati briefs at kung anu-ano pa. Siya ay isang errand girl na matatawag. Pero hindi rin naman kasi ganoon iyon. Ganoon ang sitwasyon kasi madami na ring hirap ang pinagdaanan nila nang magkasama.

Noong college sila ay naging bodyguard niya si Tim. Naging tagabitbit ng gamit, hatid-sundo siya ng kotse. Nang mamatay ang lola niya, sa balikat ni Tim siya sumandal at umiyak, at ang yakap nito na may katambal na haplos sa likod ang nagbigay kay Jess ng lakas.

Tumatambay ito sa coffee shop na pinapasukan niya at gumagastos sa mahal na kape hanggang sa pag-uwi niya para ihatid siya sa bahay. At habang nandoon siya sa coffee shop ay ginagawa na nila ang assignment at projects. Idagdag pa diyan ang libreng pagkain.

Ayaw pang tanggapin ni Jess noong una kasi nakakahiya, para siyang nililimusan ng pagkain ng first love niya, pero gipit, eh. Si Tim din ang inuutangan niya kapag nabibitin ang suweldo at kahit siya lagi ang mas maraming ginagawa sa projects nila, si Tim ang nakakapag-isip agad ng solusyon kapag may problema, bukod pa sa ito ang gumagastos sa proyekto, pati na sa merienda.

Nang maka-graduate sila ay hindi sana siya makakapag-take ng board exam, dahil wala siyang pambayad sa *PRC*. Hindi na siya pinapadalhan ng ama for more than a year. Si Tim ang sumasagot sa kanya nang mga panahong iyon, papautangin siya at saka na lang niya babayaran.

Si Tim ang nagbayad ng *PRC* fee for the examination kapalit ng review with Jess. Madalas nga lang na hindi ito pumupunta para mag-review. Tumatambay lang si Tim sa bahay ng dalaga at nakikitulog sa sofa.

Nang makapasa si Jess sa board ay nakahanap siya agad ng trabaho. Si Tim, hindi yata naghahanap. Kung gagamitin ang koneksyon ng ama ni Tim na isang corporate lawyer, madali para sa binata ang magkaroon ng trabaho, pero galit ang ama ni Tim dito.

Naisip nitong kunin ang trust fund at magtayo ng sariling firm. Ang problema ng lalaki, sino ang kukuha ng engineer na tulad nito? Kaya inalok ni Tim ang best friend ng partnership.

Mas secure sana ang income kung tutuloy si Jess sa company na tumanggap sa kanya, but because she owed Tim so much, she readily agreed to be his partner kahit alam niyang mahihirapan sila.

Nang mag-umpisa sila sa kanilang firm ay maliit lang ang office nila, pero bilib si Jess sa tibay ng dibdib ni Tim. Kahit nahihirapan sila, hindi ito sumuko. Relaxed at nagagawa pa rin nitong paganahin ang utak kahit maraming problema. Nagpatulong si Tim sa mga uncles nito para makakuha ng mga kliyente.

At naisip nito na mas maganda kung makakahanap sila ng lupa na puwede nilang gawing housing project. Sa tulong ni Josh ay nangyari iyon. Ipinahiram ni Josh ang trust fund nito at bumili sila ng five hectares na lupa sa Cebu at ginawa iyong isang residential village. Doon nag-stay si Tim for almost a year habang si Jess ay nasa Manila at kumukuha ng maliliit na projects para may pantustos sila sa daily expenses ng opisina.

Wala silang sekretarya kasi hindi pa nila kaya. Kinapos sila ng budget for the housing, at plano sanang isangla ni Jess ang bahay na ipinamana sa

kanya ng lola niya, pero ayaw ni Tim. Ang ginawa nito ay ibinenta ang condominium unit nito na ibinigay ng lolo nito for being the eldest grandson. Sobrang galit nga ni Don Roberto nang malaman, pero ginamitan ni Tim ng karisma at sinabing bibili na lang ito ng bago, kapag kumita na sila. Kaya naitawid nila ang housing project at nagbunga naman.

Sold out ang mga units sa *Don Roberto's* (named after his lolo para hindi magalit) at after two years, na-transfer na nila sa homeowners' association ang pamamahala. Ang bilis nga raw sabi ng iba. Ipinasok nila ito sa *PAG-IBIG* Fund at *NHA*. Bukod pa diyan ay pulido ang project na ito dahil ayaw nilang masira ang reputasyon. Gusto nila ay makagawa ng isang matinding image at doon na sila naging tanyag.

Maliit silang firm pero sikat sila sa malalaking firms. Usually kinukuha silang subcontractor.

Si Tim ay kumuha ng electrical course sa *TESDA*, pati wiring sa mga houses dati ay ito ang gumagawa. Wala kasi silang pambayad noon.

Naaalala tuloy ni Jess nang bumisita siya sa eighth month ng Cebu project, kaunti pa lang ang nagagawang bahay sa village, kasi kulang sila ng pondo. Nadatnan niya si Tim, ang dumi-dumi at naghahalo ng semento. Nagulat siya sa hitsura nito,

ang payat at ang itim, pero pagdating ni Jess ay sobrang tuwa nito at ngiti agad ang ibinigay kahit halatang hapong-hapo ang katawan.

Noong matutulog na sila sa barracks ay naiiyak na si Jess, pero niyakap siya ni Tim at sinabing huwag siyang bibigay, kaunting tiis na lang at kakayanin nila ito. Huwag daw niya itong alalahanin at healthy daw ang mag-manual labor. Kaya inasikaso na lang ni Jess ang mga pangangailangan ni Tim. Ang grocery, damit at pagluluto. Akala nga ng iba ay mag-asawa sila, kaya sinasakyan na lang nila. Tinatawag nila ang isa't isa ng *'Babe.'*

Nakakailang noong una, pero nasanay na sila. Marami sila masyadong iniisip para intindihin ang mga ganoong bagay. Kaya sobra silang naging malapit at komportable sa isa't isa. Kasi magkasama silang dumadaan noon sa mga problema para mag-survive ang company. Nakautang din sila sa mga pinsan ni Tim. Ang condo unit ay napunta kay Marco. Ayaw nga sanang kunin ni Marco ang condo at magpapautang na lang, pero ayaw pumayag ni Tim.

Pinautang din ito ng pinsang si Alexa. Si Alexa ang pinakamalaki ang ipinautang. Umabot ng 4M, at wala itong interes.

Matapos ma-transfer ang project, binayaran nila

si Joshua at lahat ng inutangan nila with interest. Bumili rin si Tim ng bagong condo unit. Ang isang susi ng condominium ay ibinigay nito kay Jess. Pinaghirapan daw nila iyon. Para tuloy silang may conjugal property kahit hindi kasal.

Nakakuha uli sila ng isang four-hectare area sa Tarlac. At doon na nga nag-umpisa ang pag-usbong ng kanilang kompanya.

At dahil nakasanayan ni Jess na inaasikaso si Tim simula noong nasa Cebu sila ay nagpatuloy iyon. Para kasing napakaliit na bagay noon kumpara sa mga pagod ni Tim sa first project nila. Sabagay, hanggang ngayon, ito pa rin ang hands-on. Ang mga bagay na naiiwan kay Jess ay ang mga documents. Si Tim ang usually nasa sites at nag-aasikaso ng mga building aspects.

Isa lang ang madalas na silang dalawa ang gumagawa: ang mga blueprints.

Magkasama sila sa brainstorming at sa critiquing. Kumuha sila ng isang secretary, isang encoder, isang finance assistant, isang messenger boy at isang janitor. Medyo lumaki na ang office pero hindi pa rin sila masyadong malaki mag-operate. Sub-contracting lang sila at mga paisa-isang subdivision every two years na proyekto.

Ayaw ni Tim na lumaki pa ang firm, at ang maraming kausap na kliyente. Ayos lang kay Jess iyon, pareho kasi silang hindi masyadong mahilig sa pera. Kaya nga ang mga damit na binibili niya para kay Tim ay hindi branded. Hindi naman ito mahilig sa ganoon. Sa rubber shoes lang ito partikular.

Pero ngayon kailangan nang pakawalan ni Jess ang ibang aspeto ng kanilang pagkakaibigan. Siguro kailangan na nila ng kaunting space, for both of them to grow and spread their branches. Naisip din kasi niya na kapag nagpatuloy silang kumilos na parang right and left, sun and moon, high tide and low tide, o kahit ano pang binary opposites, hindi sila makaka-attract ng ibang tao sa kanilang individual sphere.

Mahal niya si Tim, aminado siya sa bagay na iyon. Pero kung ipipilit niya ang sarili, para na rin niyang tinapos ang pagkakaibigan nila. Matutulad siya sa mga naging girlfriends ni Tim. Kaya kahit masakit, unti-unti niyang lalagyan ng pader ang pagitan nila. Hindi naman mataas na wall, mga two feet lang, sapat para makatagpo sila ng kani-kanyang lifetime partner.

Nag-umpisa kasi ang idea na ito noong makapanood siya ng *National Geographic* documentary. Sabi kasi doon, ang kakayahang magkaanak ng babae

Blueprint ng Pag-ibig - Maya Ramos

ay nababawasan sa pagtanda. Ang babae raw ay may oocytes na unti-unting nade-deplete habang tumatanda siya. Kaya nababawasan ang chances na magbuntis. Naisip niya bigla, para kanino ang mga paghihirap niya sa paghahanap-buhay kung wala man lang magmamana? Kaya gusto niyang magkaanak.

Kaya naman um-attend si Jess ng isang speed dating para makatagpo ng lalaking magiging ama ng anak niya. Habang hindi pa nauubos ang kanyang mga oocytes.

“Hay, oocytes, ikaw ang sentro ng buhay ko ngayon,” sabi ng pobreng dalaga. Napapanaginipan na nga niya ang mga oocytes niya, nag-iiyakan, nauubos na raw sila.

So a girl has to do what a girl has to do.